

Pagbasa Ng Katawang Tindig Ng Aso

Isinalin sa Filipino ni: Maria Azalea Florentino

Hindi man nakapagsasalita tulad ng tao ang mga aso, ipinakikita nila kung ano ang kanilang nararamdaman at nasasaisip sa pamamagitan ng kanilang katawan. Sa pamamagitan ng pagtingin sa posisyon ng kanilang tainga, pagluwang ng inla ng mga mata, tensyon sa mukha (partikular sa paligid ng nguso at noo), buntot, at distribusyon ng bigat ng katawan, matutukoy kung ang isang aso ay kalmado, natatakot, masunurin, o dominante tungo sa kanyang tinitingnan o nakikita.

KALMADONG TINDIG

- nakatayong ulo
- nakatayong mga tainga
- kalmadong buntot
- kalmado, pumapagaypay, at bahagyang nakabukas na bibig
- pantay na distribusyon ng katawang timbang sa apat na paa

NAPUPUKAW NA AGRESIBONG PAGLUSOB

- malaking mga matang nakatitig
- nakatayo at pasulong na mga tainga
- naninigas na nguso, nakabukas na labi, ngiping nakikita
- nakatayo, naninindig, at matigas na pagaypay ng buntot
- matigas na mga binti, katawang timbang na nasa harapang mga binti

PAGKAPUKAW

Kung napukaw ang isang aso, ito ay naudyok ng kung anumang bagay sa kanyang paligid. Kung ang aso ay naudyok ng isang nakatutuwang bagay, ang balahibo nito sa kanyang gulugod ay nakababa. Ang buntot din nito'y nakababa nang bahagya at malubay na pumapagaypay. Kalmado rin ang nguso nito at makikita ang kanyang dila. Ang tindig na ito ay ipinakikita ng isang aso sa mga mas mababa sa kanya ng ranggo o posisyon upang ipakita ang kanyang mas mataas na posisyon sa isang pangkat.

AGRESIBONG PAGLUSOB

- maaaring may mga nakatayong balahibo sa may gulugod
- nakatayo at pasulong na mga tainga
- nakatitig na mga mata
- kulubot na mga labi
- mga ngiping nakikita at umaangil
- pasugod na tindig at nakasulong na timbang ng katawan

Ang nagbabantang tindig na ito ay ipinakikita upang itaboy ang ibang hayop o aso at kung kinakailangan ay sumugod upang protektahan ang pag-aari, ang pangkat, o ang sarili.

AKTIBONG PAGSUKO

- taingang nasa likod
- nakasara nang bahagya at kumukurap na mga mata
- halos nakatikom na bibig, bahagyang nakalabas na dulo ng dila
- nakataas na isang paa
- nakasayad at marahang pagaypay ng buntot

Ipinakikita ang kalmadong tindig na ito kapag kinikilala ng isang aso ang isa pang aso o taong may mas mataas na posisyon sa lipunan o pagpigil sa panghahamon ng iba.

MALUMANAY NA PANGHIHINUHOD

- nakatihaya, nakikitang tiyan
- taingang nasa likod
- tiklop na buntot, paglabas ng patak-patak na ihi
- nakalingang ulo, hindi tuwid na tingin

Ang pagtihaya ng aso ay nagpapakita ng pagsuko. Ito ay isang mahinahong kilos na ipinakikita sa mas dominante o agresibong indibidwal.

PALABANG PAGSALAKAY

- maaaring nakatayong balahibo sa gulugod
- taingang nasa likod, maluwang na inla
- nakababa at tensyonadong buntot
- tensyonadong nguso, kulubot at umaangil, nakalabas na mga ngipin
- bahagyang nakayukod, bigat ng katawan sa mga likod na binti

Kapag natatakot ang isang aso, ito ay nagbibigay ng babala na ayaw niyang malapitan ng iba. At kapag hindi pinakinggan ang kanyang babala, mangangagat siya upang maproteksyunan ang kanyang sarili.

Pakikipag-usap Ng Aso Sa Kapwa Aso

Kapag nagkita ang isang aso at kapwa aso, ipinakikita nila ang kanilang estado sa isa't isa. Ang pagtaas ng isang paa sa harapan, pag-iwas ng tingin, pagdila at pag-isil ng nguso sa bagong kakilala, at pagyuko gamit ang mga binti sa harap ay mga palatandaan ng malumanay na panghihinuhod. Samantalang ang pag-akyat, pagtaas ng mga daliri sa paa, o pagpatong nito sa may bandang batok ay palantandaan ng isang mas dominanteng indibidwal sa interaksyon.

PAGTUTURO NG NANAY SA ANAK NA TUTA

- Umaangil ang nanay at ibinabalot ang bibig sa paligid ng nguso o ulo ng anak na tuta.
- Sumusunod sa utos ang anak na tuta sa pamamagitan ng paglapat ng katawan sa lupa at pag-iyak nang mahina.
- nakatikop na buntot
- nakataas na isang paa

Dinidisciplina ng nanay na aso ang kanyang anak sa pamamagitan ng pagbalot ng kanyang bibig sa nguso ng anak. Nauunawaan ng tuta na kailangan niyang sumunod sa pamamagitan ng pagpapakita ng panghihinuhod na tindig ng katawan.

Pag-anyaya ng Laro

- nakatayong buntot na pumapagaypay
- nakatayong mga tainga
- malambing na mga mata
- mahinahon at nakabukas na bibig, nakalabas na dila
- nakababang harapang binti, handang tumalon pa-abante

Ang pagyukong palaro ay kombinasyon ng dominante at nanghihinuhod na asta. Ito ay isang paanyaya ng laro sa kapwa aso o bahagi ng akto ng panliligaw.

Pagbati

- malambing at bahagyang nakasarang mga mata
- taingang nasa likod
- nakababang buntot
- pag-isil sa bibig ng mas dominanteng aso, maaaring mandila o ipitik ang dila
- nakataas na isang paa sa harapan

Binabati ng isang nanghihinulod na aso ang mas dominanteng aso sa pamamagitan ng pag-isil nito gamit ang nguso. Ito ay tanda ng isang mahinahong asta.

Tindig ng Pagbati

- Ang dominanteng aso ay kakikitaan ng nakatayong mga tainga at buntot, naka-abante at alertong disposisyon.
- Nasa likod ang tainga ng isang nanghihinulod na aso.

Inaamoy ng aso ang maselang bahagi ng katawan ng kapwa aso bilang pagbati at para na rin makalingap ng impormasyon tungkol estadong sekswal ng bagong kakilala.